



COVID-19

Mga Katotohanan tungkol sa Bakuna

BAKIT KAILANGANG MAGPABAKUNA SA COVID-19 ?



- Binabawasan ng bakuna ang iyong panganib na magkasakit nang malubha mula sa COVID-19, madala sa hospital, o mamatay. Pinapababa rin nito ang iyong panganib na magkaroon ng pangmatagalang COVID.
- Kinakailangan mo ang **lahat ng inirerekomendang dosis** para makuha ang pinakamagaling na proteksyon. Kabilang dito ang **binagong pampalakas na bakuna (booster)** para sa lahat edad 5 taong gulang pataas. Kumuha ng iyong binagong pampalakas na bakuna kung nakalipas na ang hindi bababa sa 2 buwan mula sa iyong huling dosis ng COVID-19. Ito ay hindi alintana kung ilang dosis ng pampalakas na bakuna at kung anong (mga) klase ng bakuna ang nakuha mo dati.

SINO ANG MAAARING MAGPABAKUNA?



LIBRE

Ang sinumang 6 na buwan ang edad pataas

- Ang mga bakuna sa COVID-19 ay **libre** sa lahat - kahit na wala kang seguro.
- Hindi ka tatanungin tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon.
- Inirerekomenda ang mga bakuna para sa lahat, kabilang ang mga tao na buntis o nagpapasuso, at mga taong nagkaroon na ng COVID-19.

ALING MGA BAKUNA SA COVID-19 ANG INIREREKOMENDA?

Pfizer

Edad 6 na buwan - 4 taong gulang: 3 pangunahing dosis

Edad 5 taon +: 2 pangunahing dosis pati ang binagong pampalakas na bakuna ng Pfizer o Moderna*

Novavax

Edad 12+: 2 pangunahing dosis pati ang binagong pampalakas na bakuna ng Pfizer o Moderna

Moderna

Edad 6 na buwan - 4 na taon: 2 pangunahing dosis

Edad 5 taon+: 2 pangunahing dosis pati ang binagong pampalakas na bakuna ng Pfizer o Moderna*



*Ang 5 taong gulang ay maaari lamang kumuha ng pampalakas na bakuna ng Pfizer

Tingnan ang ph.lacounty.gov/covidvaccineschedules para sa mas marami pang impormasyon.

Kung ikaw ay **nakompromiso ang imyunidad (immunocompromised) maaaring kailangan mo ng karagdagang dosis** - makipag-usap sa iyong doktor.

Maaaring gamitin ang bakuna ng Johnson & Johnson at mga pampalakas na bakuna ng Novavax para sa mga taong edad 18+ sa ilang sitwasyon.

Record Card ng Pagbabakuna Laban sa COVID-19			
Apelyido		Pangalan	
Petsa ng Kapanganakan		Numero ng Medikal na Talaan	
Bakuna	Produkto/Lot #	Petsa	Klinika Lugar
Unang Dosis ng COVID-19		___/___/___	
Ika-2 Dosis ng COVID-19		___/___/___	
		___/___/___	





COVID-19

Mga Katotohanan tungkol sa Bakuna

PAANO MAKAKUHA NG BAKUNA

May daan-daang lugar sa buong LA County - marami ang bukas ng Sabado at Linggo at gabi at hindi kailangan ng tipanan.

Para makahanap ng lokasyon na malapit sa iyo:

- Bisitahin ang ph.lacounty.gov/howtogetvaccinated o tumawag sa **1-833-540-0473**, 8am hanggang 8:30pm.
- Maaari mo ring tawagan ang 2-1-1 o tanungin ang iyong doktor o lokal na parmasyutiko.
- Libreng transportasyon at maaari ang pagbabakuna sa bahay.



Kailangan ng mga menor de edad ang pahintulot mula sa kanilang magulang o legal na tagapag-alaga para magpabakuna.

ANO ANG MGA EPEKTO?

- Kabilang sa mga karaniwang epekto ang pananakit, pamamaga at pamumula kung saan itinurok ang bakuna, pananakit ng kalamnan o kasu-kasuan, namamagang mga kulani, lagnat, panginginig, pananakit ng ulo, at pagkapagod. Kabilang din sa mga epekto sa mga bata ang pag-iyak, pagkabalisa, pagkaantok, at kawalan ng ganang kumain.
- Ang mga epekto ay palatandaan na **bumubuo ng proteksyon** ang iyong sistema ng imyunidad. Maaari nitong maapektuhan ang iyong abilidad na gumawa ng ilang pang-araw-araw na aktibidad pero dapat itong mawala sa loob ng isa o dalawang araw mula ng mabakunahan.
- Bihira ang mga malubhang epekto.



PAANO ANG TUNGKOL SA KALIGTASAN?

- Hindi ka maaaring makakuha ng COVID-19 mula sa bakuna. Wala sa mga bakuna ang naglalaman ng virus na nagdudulot ng COVID-19.
- Sinubok ang mga bakuna sa libu-libong mga tao, kabilang ang mga tao mula sa ibang lahi, mas matatanda, at mga taong may medikal na kondisyon at napatunayan na **ligtas at epektibo**.
- Mula Disyembre 2020, **daan-daang milyong tao** ang ligtas na nakatanggap ng COVID-19 na bakuna.
- Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay patuloy na dumadaan sa **pinakamasugid na pagsusubaybay sa kaligtasan** sa kasaysayan ng Amerika.
- Walang ebidensya na nagdudulot ang mga bakuna laban sa COVID-19 ng problema sa pertilidad. Ligtas ang mga ito para sa mga buntis na tao at inirerekomenda ng mga dalubhasa sa pagbubuntis.

